RADIO BRIEFING

BY

SECRETARY MARTIN ANDANAR
PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE

"Kaagapay ng Bayan" with Ms. Marie Peña – Ruiz and Mr. Leo Palo

[Radyo Pilipinas | 2 December 2017]

SEC. ANDANAR: Good morning, Marie at good morning kay Leo. Good morning po sa lahat ng nakikinig ng inyong programa dito sa Radyo Pilipinas 1.

Mr. Palo: Kumusta naman ang Kalihim sa oras na ito after a busy week?

SEC. ANDANAR: Of course, tayo ay nagtatrabaho pa rin, nagbabasa ng mga balita tapos naghihintay ng tawag ninyo.

Ms. Ruiz: Sir, this Saturday morning, meron ba kayong pahayag sir?

SEC. ANDANAR: Actually ngayong Sabadong ito, nakalaan talaga ito sa Radyo Pilipinas, sa programa ninyong dalawa ni Marie.

At tayo naman ay kahit papaano nagpapahinga. We had a very busy week last week. Galing tayo doon sa Sultan Kudarat, sa Mindanao at nasaksihan natin ang Bangsamoro Assembly na pinasinayaan po ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte.
Maganda ang nangyari doon kasi alam niyo, iba eh. Iba 'yung Bangsamoro Assembly ngayon dahil meron nang mga kasamahan sa Moro National Liberation Front.

So very inclusive po ang ating Bangsamoro Basic Law na proposition.

In the meantime, magiging busy po tayo this week dahil dito po sa Malacañang ay nagkaroon po tayo ng Bangon Marawi updates kahapon.

Tinulungan din natin ang Office of the Cabinet Secretary para sa Biyaya ng Pagbabago Caravan simula po December 1 all the way to December 9, if I'm not mistaken. At magtatapos doon sa Davao City.

So the caravan will start from Luzon, dito po sa Ifugao tapos meron pong bababa sa Pangasinan. Meron din pong matutuloy sa Visayas, then doon sa Mindanao, Cagayan de Oro and all the way to Davao City.

Nagiging abala din tayo dito sa mga ipinakita sa ating makabagong teknolohiya para mas maganda po 'yung broadcast ng Radyo Pilipinas at PTV 4 sa pamamagitan po ng satellite technology at para din mabigyan natin ng libreng internet 'yung mga opisina po ng PCOO sa mga probinsya.

'Yun po 'yung ginawa natin this week.

Ms. Ruiz: Sir, may dalawa lang na patanong si Leila, Leila Salaverria ng Philippine Daily Inquirer.

SEC. ANDANAR: Opo, opo.

Ms. Ruiz: Sir, ano daw ang pahayag ng Malacañang kung magkakaroon ng 2018 --- 'yung possible daw na maging reenacted daw 'yung budget ng 2018 dahil sa isang stalemate ngayon sa pagitan ng Kamara at Senado?

SEC. ANDANAR: Pakiulit po, medyo naputol po 'yung…

Ms. Ruiz: Okay. What could the Palace say about the possibility that the 2018 budget could be reenacted because of a stalemate between the House and the Senate?

SEC. ANDANAR: Well, anything is a possibility and it will really be up to the members of the bicameral committee to discuss and to thresh out their differences in the budget.

I am pretty sure that mahahanapan naman ito ng resolusyon just like during the past bicameral conferences, nagkakaroon po ng ano, nagkakaroon po ng differences sa Senado at Lower House.

And at the end of the day, it will really be up to the negotiators of both the Upper House and the Lower House.

The reenactment is really a part of the process that ensures our government runs at the end of the day.

Ms. Ruiz: Pero may assurance naman sir din si Senator Loren Legarda na there will be no reenacted budget. Ganun lang daw talaga na, 'yung nagdedebatehan, may mga differences, tulad nga ng sinabi niyo po.

SEC. ANDANAR: Opo. Ganyan talaga 'yan, Marie eh. For some people, some members of the House, some members of the Senate will negotiate for a higher budget sa industriyang ito, sa himpilang ito, sa departamentong ito. It really… bahagi na po ito ng ating proseso.

Both Houses are really the holder of the purse of the nation. At the end of the day, I believe it would not be reenacted. We will still have a budget for 2018.

Mr. Palo: So is it safe to say na parang hindi naman dapat ikabahala ng Palasyo 'yung ganitong standoff ng Bicam?

SEC. ANDANAR: Hindi naman kasi alam mo, like what I always say, we have the co-equal branches of the government --- the Legislative, you have the Executive, you have the Judiciary and sa kanya-kanyang mga teritoryo, kanya-kanyang debate 'yan eh 'di ba.

And labas na ang Executive diyan eh, labas rin ang Judiciary diyan eh. Legislative na 'yan eh, sila na ang bahala diyan eh. So amongst themselves, they will figure it out.

Mr. Palo: Pero wala ka bang info, Secretary, kung ano ang dahilan? Alin doon ang dahilan kung bakit nagkaroon tuloy ng standoff dahil diyan?

SEC. ANDANAR: Wala akong ano eh, wala akong talagang direktang impormasyon.

Of course, nababasa mo sa dyaryo. I'm just here to watch and see and basically observe but ang atin, we hope for the best.

Mr. Palo: Oo, kasi parang kung hindi nangangamba ang Palasyo, so meaning may pag-asa pa rin na within this year ay maipapasa ang 2018 national budget?

SEC. ANDANAR: Oo, 'yun ang ano natin, 'yung ang ating ideal objective, 'yun ang gusto nating mangyari. So we will leave it to the Senators and the Congressmen.

Ms. Ruiz: Isang magandang development naman 'yung Tax Reform Package, sir. Pumasa na doon sa dalawang kapulungan so they will go into Bicam.

SEC. ANDANAR: Exactly. Kaya tayo nagpapasalamat sa Senado, 17-1 ang boto diyan. Nagpapasalamat tayo sa Senado na ipinasa nila itong napakalaking polisiya.

Cornerstone po ito ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa kanyang administrasyon dahil meron pong ambisyon ang ating gobyerno na maibaba --- maipababa ang poverty rate from 21 percent to 14 percent by 2022.

At itong tax reform ay isa sa mga magiging malaking solusyon para dito sapagkat malaki po 'yung makokolektang karagdagang buwis para sa ating kaban ng bayan and 'yung makokolekta namang pera doon ay 'yan po ang igagastos ng ating gobyerno sa mga infrastructure projects at para umikot po ang ekonomiya natin.

Marami ang mabibigyan ng trabaho, merong mabibigyan ng trabaho, eh marami pang gasta ang tao, iikot ang ekonomiya, babalik sa gobyerno.

So ganun lang 'yan. Paikot-ikot lang 'yan. So the more money the government has, more investment, infrastructure investments and other services, the better it is for the economy.

Mr. Palo: Kaibahan lang dito, Ate Marie ano, mga kababayan, at Sec, kung hindi ako nagkakamali, dito sa Tax Reform na 'to, dati-rati kasi, ang tinatamaan 'yung mismong katulad natin, na mababa lang 'yung sinusweldo at income earner. Eh ngayon, mukha ang target talaga ng Pangulo, ang target ng administrasyong ito at sa pamamagitan ng Tax Reform Bill na 'yan eh ang tatargetin ho talaga dito, 'yung mga malalaki na 'di ba?

Ms. Ruiz: Oo. 'Yun nga 'yung sa cosmetic surgery, sir, 'di ba, 10 percent higher.

SEC. ANDANAR: Oo, kasi of course, 'yung uring manggagawa na sumusweldo lang ng mas mababa sa 20,000 'di ba? 'Yun eh, 'yun ang mga kababayan natin na gusto nating salbahin mula doon sa napakataas na buwis.

Mr. Palo: Katulad namin, katulad namin ni Ate Marie. Nasa uring manggagawa pa rin kami hanggang ngayon.

SEC. ANDANAR: Oo 'yun nga. 'Yung mga mediamen, alam mo, makapag-ipon ka ng 1,000 a month, malaking bahagi ang maisasalba.

Ms. Ruiz: Yeah, and also 'yung mga bonuses din sir, 'yung 82,000, ano tax free.

SEC. ANDANAR: So pag ang bonus mo, 82,000 pababa, tax free.

Mr. Palo: Oo, ganun.

SEC. ANDANAR: Sa laki ng… biro mo, ang laki ng natitipid, malaki ang naiipon.

So ito 'yung mga bagay na sinasabi natin na itong tax reform ay para talaga sa mahihirap nating mga kababayan, para sa masa talaga ito. At kayong bubuwisan, 'yung mas malaki 'yung kinikita.

Mr. Palo: Correct. Nakikita naman ng mga kababayan eh, Ate Marie, 'di ba? Eh doon lamang sa… 'yung mga nag-compromise ang pamahalaan doon sa, let's say for example, 'yung sa sigarilyo, 'yung Mighty Corporation, ang PAL, 'di ba. Eh mga malalaking companies ito na dapat lamang talaga magbayad na.

Ms. Ruiz: Na noon untouchable, pero ngayon...

Mr. Palo: Kaya alam niyo na. 'Yung mga nasa network ngayon, alam niyo na, magbayad na kayo.

Ms. Ruiz: Oo nga.

Mr. Palo: Para hindi kayo nababatikos ni Presidente.

SEC. ANDANAR: Oo. At saka nakita niyo naman 'yung gaya ng sinabi ni Leo, mga tax evaders, tapos 'yung mga hindi nagbabayad ng kanilang mga penalties eh dapat magbayad na para… kasi ambag mo ito sa gobyerno eh, sa bayan.

Ms. Ruiz: Hindi, tsaka siguro ngayon sir, nakikita naman nila 'yung --- kasi gaganahan ka naman magbayad ng tax kung alam mo na ginagamit ito sa tama. Eh ngayon, ang daming infrastructure projects 'di ba.

Mr. Palo: Unlike kasi nung ano, 'di ba Secretary, unlike nung panahon, hindi ko na sasabihin --- 'yung mga nakaraang administrayon, kung sino pa man 'yun. Imagine mo 'yung itata-tax mo 'yung nagtitinda lamang ng suman at puto 'di ba? Parang ---

Ms. Ruiz: May ganun dati, pati sari-sari store.

Mr. Palo: Oo, so paano naman 'yung… bakit 'yung malalaki hindi niyo tinatarget? Bakit itong maliliit 'di ba? Eh pag nagtinda pala ako ng fishball, yari na ako, parang ganun.

SEC. ANDANAR: Oo, kaya at least nakikita natin na malaking tulong po ang mga Senador at tayo ay nagpapasalamat sa kanilang malasakit sa taong bayan. And of course, dahil dito ay maisasakatuparan na ang mga proyekto po ng ating Pangulo, lalong-lalo na 'yung sa Build, Build, Build infrastructure programs ng ating administrasyon.

Ms. Ruiz: Sir, 'yung next question naman ni Leila: When can we expect the President to meet his security officials to decide whether or not martial law will be extended? Congress is set to go on recess in two weeks and its approval is needed if martial law will be extended. Salamat daw po sir.

SEC. ANDANAR: Opo. Kung maalala niyo po ay nagkaroon din ng ganitong dilemma 'di ba nung inextend 'yung martial law, if I'm not mistaken, 'di ba this year.

Tapos it was really up to the House of Representatives and the Senate to call for an emergency meeting para ma-extend 'yung martial law.

So ako naman, I trust the wisdom of the Congressmen and the Senators. Sila naman ang nakakaalam kung kaya nilang gawin even if dalawang araw na lang ang nalalabi and at the same time, we also wait for the recommendation of the Armed Forces of the Philippines and the Philippine National Police sapagkat based sa sinabi po ng ating Presidente nung nakaraang linggo na he will have to wait for the recommendation of AFP and PNP.

And let's wait next week baka mag-*[unclear]* po ang Presidente.

Mr. Palo: Well, katulad nga po ng naging briefing kahapon with Usec. Del Rosario and Assemblyman Adiong, sila doon sa Marawi, Ate Marie, ang ating mga kababayan eh ay ayaw nila. Mas gusto nilang mag-stay pa rin ang martial law.

Ms. Ruiz: Gusto nila na manatili ang martial law kasi kailangan 'yun for the rehabilitation.

Mr. Palo: Yes, and sa security and so forth. Pero kung sa buong Mindanao ---

Ms. Ruiz: At saka I remember, parang two Saturdays ago, binanggit din 'yan ni Sec. Martin na importante din kasi na mabantayan 'yung rehab.

Mr. Palo: Lalo na ngayon eh, sabi nga ni Assemblyman Adiong eh sige ang recruit ng terrorist group so hindi ano eh, hindi ito magandang pagkakataon sana. Well, kaming mga taga-Mindanaoan --- si Secretary Martin come from Mindanao. Alam namin kung ano ang nararapat.

SEC. ANDANAR: Kasi ako, taga-Cagayan de Oro ako, taga-Surigao din ako. If you ask me personally, mainam na na mayroong martial law sapagkat talagang hindi mo talaga masasabi kung anong mangyayari eh.

Dito po sa Mindanao kasi ay marami pong mga rogue elements and mostly, what we what is normalize --- what we want is peaceful co-existence.

What we want is for our economy, our citizens of Mindanao to continue na walang hassle, walang hitch.

Kung tatanungin mo mga ordinaryong kababayan natin sa Mindanao, I can ano, I can bet that most, if not majority, okay po ang martial law para sa ikagaganda, ikabubuti ng kalakalan.

Mr. Palo: 'Yan naman ang hamon natin, Secretary, sa mga taga-Luzon, taga-Visayas. Punta kayo sa Mindanao. Malalaman niyo ang kaibahan.

Ms. Ruiz: Bakit sila ba ang nagrereklamo?

Mr. Palo: Sila ang nagrereklamo.

Ms. Ruiz: I have relatives in Cagayan de Oro and Zamboanga, wala silang reklamo.

Mr. Palo: Wala silang reklamo, 'di ba? Ang mga nagrereklamo, 'yung nandito, eh.

Ms. Ruiz: Bakit? Ano ang pakialam nila?

SEC. ANDANAR: Basta po iba po 'yung mga pangangailangan ng bawat rehiyon na pinupuntahanan natin. Ang pangangailangan po ng Metro Manila, halimbawa, ang pinkamalaking problema sa Metro Manila, traffic 'di ba?

Mr. Palo: 'Yan.

SEC. ANDANAR: 'Yan ang pinakamalaki, ang traffic ang problema. Pagdating po naman doon sa Region X, hindi naman traffic ang pinakamalaking problema. Iba rin naman ang pinakamalaking problema dun, 'no.

Punta ka ng Region XI, ganoon din. So, it's really just a matter of ano.

Mr. Palo: So are you suggesting sir martial law the whole nation ulit?

Ms. Ruiz: Kaya nga. Ikaw Leo...

SEC. ANDANAR: Ang suggestion ko, for example in Mindanao, a lot of us will say that we need martial law because we want peace in Mindanao. And we want business to continue without a hitch.

Mr. Palo: Yes.

SEC. ANDANAR: Ako naman, bilang isang taong gobyerno na naninirahan sa Metro Manila, what I would clamor for is emergency powers for our transport sector.

Mr. Palo: Yes.

SEC. ANDANAR: Kasi itong kailangan natin sa Metro Manila.
So I am just saying na iba-iba ang pangangailangan ng bawat rehiyon. The National Capital Region would have a different need because it's facing a different problem also.

Mr. Palo: Well, ang tinutukoy ko lang naman doon kanina 'yung mga nasa Senado tsaka Kongreso eh.

Ms. Ruiz: Na?

Mr. Palo: Mga hindi nagpupunta dun sa Mindanao para malaman nila. *[laughter]*

Ms. Ruiz: Ah, meron.

Mr. Palo: Easy. Easy.

Ms. Ruiz: Sir, ano nga pala ang masasabi ninyo doon sa sinabi ng isang opposition senator na dapat daw kasuhan 'yung mga nagsusulong ng RevGov?

SEC. ANDANAR: Alam mo ito po kasing nagsusulong ng revolutionary government, mga ano ito eh mga miyembro ng private sector. These are ordinary citizens, private citizens. And they have their own initiative and they have their own ideas how to solve the problems that we are facing today.

And I believe that it is also out of their frustration. Maybe an example is the hellish traffic in Metro Manila.

At dahil sa napakadaming mga balakid 'no sa ating batas ay hindi po nasosolusyunan nang mabilis. Although we know the solutions already pero marami pong --- marami 'yung harang eh.

So sila sumisigaw sila ng RevGov dahil they want to fast track everything. And you do not blame them and ako naman as part of this government, it is our job to listen to everyone.

Listen to those who are shouting for RevGov; to listen to those who are shouting other ideas on how to run this government. At tayo'y nakikinig.

Binibigyan natin sila ng kanilang karapatan na to peaceably assemble outside and to express their voices and opinion. It's part of our democracy.

You know, it only goes to show that napaka-vibrant, buhay na buhay ang ating demokrasya sa ating bansa dahil mayroong mga nagpoprotesta against the government, mayroong nagpoprotesta na pro-government, mayroong nagsasabi ng RevGov.

'Yun, so it's good that we have a citizenry na very politically active because if you have a politically active citizenry, meaning niyan ay mayroon kang --- at kung mayroon kang isang gobyerno na nakikinig ay mayroon kang gobyerno na nagsasabi na okay lang na dapat mayroon tayong partisipasyon sa governance.

Mr. Palo: Ang siguro ang pinaka-ano diyan eh malinaw na na nabanggit na ng Pangulo. Basta 'wag lang lumabag sa batas --- sa ating Saligang Batas. Abogado kasi ang Presidente kaya alam niya.

SEC. ANDANAR: Oo, basta 'wag lang manggulo, 'wag lang mag-vandalize, 'wag lang maka-apekto doon sa daloy ng trapiko. Masama na nga 'yung trapiko tapos aapektuhan pa.

Kahit na araw-araw kang mag-protesta, maganda 'yan. Para at least malaman natin kung ano talaga ang problema doon sa ibaba. Oo, ganun lang naman 'yan.

Mr. Palo: Secretary, mayroong tanong dito ang paborito ni Ate Marie.

Ms. Ruiz: Sino?

Mr. Palo: Lumilingon sa pangalang. Ito 'yung ano, ito ‘yung publisher ng La Solidaridad. Si Vanz Fernandez. Ang sabi niya, pabor ka daw ba sa sinabi ni Speaker Alvarez sabing ganoon na si Sereno raw should appear before the House Justice Committee and face the impeachment proceedings against her instead of using the media to her defense?

Ms. Ruiz: Sir, ang publisher ng La Solidaridad, 'di mo binanggit Leo kung sino eh.

Mr. Palo: Sinabi ko, si Vanz Fernandez. *[laughter]*

Ms. Ruiz: Sir?

SEC. ANDANAR: Paki-ulit po, paki-ulit? Ano ang sabi ni Vanz?
[laughter]

Mr. Palo: Pabor daw ba kayo sa sinabi ni Secretary Alvarez na sabing ganun, si Sereno daw should appear before the House Justice Committee and face the impeachment proceedings against her instead of using the media?

SEC. ANDANAR: Pasensya na po napuputol po 'yung signal. Sorry.

Mr. Palo: Anong telco 'yan? *[laughter]* Sabay ganun eh. Si ano daw sir, kailangan daw humarap ni Sereno sa House Committee or Justice Committee at harapin ang impeachment proceedings laban sa kanya sa halip na humarap sa mga media?

Ms. Ruiz: Sa media.

SEC. ANDANAR: Alam niyo po, ano eh… again paulit-ulit ko mang sabihin 'to but we respect the independence of the Supreme Court as a co-equal branch of government.

So kung ano man ang mangyayari doon, ano man ang mangyayari sa Lower house din, co-equal branch din ay sa kanila na 'yun.

Ang Executive branch ay napakadaming problema na kinakaharap na kailangan namin solusyunan, na maki-alam pa kami sa problema ng isang co-equal branch of government, alam naman namin ay very capable resolving their own problems.

Mr. Palo: Sir, Pasko na. Ang Pangulo ay nasa Sulu nga kahapon. At mukhang kasama pa si Steven Seagal ah. Pero maagang namigay ng pamasko ang Pangulo sa mga sundalo. Eh mukhang may binanggit pa ang Pangulo. Ate Marie, dapat ito kasama tayo dito eh.

Ms. Ruiz: 'Yung Hong Kong for a week?

Mr. Palo: Hong Kong.

Ms. Ruiz: for those 'yung maiiwan.

Mr. Palo: Sa mga magdu-duty sa Pasko.

Ms. Ruiz: Oo, magduduty.

Mr. Palo: Eh magdu-duty kami sa Pasko sir. Paano ba 'to?
[laughter]

Ms. Ruiz: Hindi ka sundalo, Leo. 'Yan lang ang masasagot ko. *[laughter]*

SEC. ANDANAR: Hindi sundalo si Leo, hindi ka kasama doon Leo. Pa-enlist ka muna. Pero alam niyo talagang malapit sa puso ng ating mahal na Pangulo ang mga sundalo.

Alam naman natin na he's one of the Presidents --- our Presidents that really went around the country, all of the camps para bisitahin po ng Pangulo.

At talagang tunay nga na Commander-in-Chief. At ang mga sundalo po natin, mga kapulisan natin, kailangan natin sila sapagkat ang mga problema po na kinakaharap ng ating bansa ngayon ay hindi po normal, hindi po regular na problema.

Itong banta ng terorismo, extreme… 'yung ano 'yung violent extremism hindi po ito dapat binabasta-basta lang. So that's why kita naman natin sa Marawi ano, 'yung nangyari doon na buwis buhay po talaga ang ating mga kasundaluhan doon para lang mabantayan ang ating bansa 'no.

At hindi dumami itong mga ISIS. So ako po ay natutuwa para sa mga sundalo dahil at least ngayon ay mayroon pong Pangulo na talagang nagbibigay ng kalinga sa kanila.

Mr. Palo: Well related to that sir ang pagka --- inamin din ng Pangulo, Ate Marie, na siya po'y 'yun nga, gustong-gusto niya ang mga sundalo, mahal niya ang mga sundalo. Pero may nabanggit siya sir at sabi niya pareho daw sila ni dating Pangulong Ferdinand Marcos.

Ms. Ruiz: Sila lang daw dalawa.

Mr. Palo: Oo, eh hindi ba magdudulot ng pangamba ito sa mga anti-Marcos?

Ms. Ruiz: Hindi naman.

SEC. ANDANAR: Hindi naman. Hindi naman. Kasi alam mo 'yung unang reklamo nga 'yung martial law 'di ba?

Mr. Palo: Ah, oo.

SEC. ANDANAR: At dahil 'yung mga pangamba nung panahon ni dating Pangulong Marcos. Kita niyo naman --- ano, 'yung… ilang buwan na ang martial law sa Mindanao 'di ba?

At wala naman 'yung pinangangambahang human rights violations, wala namang pinangangambahan na abuse of power ng ating Armed Forces of the Philippines.

Kita niyo naman na martial law is still being implemented and implemented properly.

Ano ba ang martial law? Martial law, really, is for the people para bantayan ang bayan, bantayan ang mga kababayan natin so that they can live peacefully, harmoniously, 'yun naman talaga eh.

It's a… flaws in our Constitution, but it's really meant to safeguard the entire nation.

Mr. Palo: So dapat ‘wag bigyang kahulugan, literal ho ‘yun, mahal na mahal ng Pangulo ang ano, ang mga sundalo at pulis.

SEC. ANDANAR: Oho. At saka, alam mo, ito eh ‘pag binabalik natin ‘yung Marcos era eh ibang panahon na ‘yun eh, hindi naman na --- hindi naman apples to apples ‘to eh, ‘di ba?

Mr. Palo: Well, ayan. Ano pa ‘yung isa?

Ms. Ruiz: Sir, baka naman may mensahe kayo doon sa mga gusto na naman mag-transport strika sa Monday po?

Mr. Palo: May ano ho ba, may declaration ba na walang pasok, sir?

SEC. ANDANAR: Wala pa, wala pa.

Mr. Palo: Wala pa…

SEC. ANDANAR: Wala pa namang utos si Executive Secretary Bingbong Medialdea sa inyong lingkod na mag-announce, at ito’y pinagaaralan pa ng kanilang opisina.

Of course, ‘yung mga gustong --- as I’ve said, ‘yung mga gustong mag-transport strike, gustong mag-protesta, karapatan nila ‘yan eh, nasa kanila ‘yan eh.

Basta ang sa atin sa gobyerno, eh this --- all of these forms of protests should be done in a peaceful manner. Na wala po tayong naaabala, wala po tayong naiistorbo, wala po tayong nasasaktan, ‘yun lamang po.

At tayo naman sa gobyerno ay nagtatrabaho lang, ang sa atin nga po --- sila ay makatrabaho, makapasok 'no, makapasyal at makapag-shopping nang husto, lalo na ngayon dahil malapit na 'yung pasko.

Mr. Palo: Naku, sinabi mo pa, sir.

SEC. ANDANAR: Traffic na sa mga malls eh.

Ms. Ruiz: Oo nga.

Mr. Palo: Pero sir, wala kayong panawagan or pakiusap sa mga… katulad ng 'yung PISTON eh sila po ay talagang handa na sa kanilang tigil-pasada sa darating na Lunes?

SEC. ANDANAR: Una, mag-ingat, mag-ingat lang sila, and they do it peacefully and I hope and pray that --- na maisagawa nila ang kanilang protesta in such a manner that, maiparating talaga nila ang kanilang mensahe sa gobyerno.

'Yun lang naman po. Ginagawa naman nila parati 'yan eh, so I guess they know what they're doing, just follow the authorities and --- yeah, and kami naman sa gobyerno, we'll just continue on working.

Mr. Palo: Sir, ihabol ko lang ito. Peligro ng dengue vaccine, inamin na ng DOH, paano daw mapaka --- mapapakalma ang publiko dun sa takot, sabi ni Leo Malicdem?

SEC. ANDANAR: Oo. Well 'yan ay --- I defer to the Secretary of the Department of Health, Secretary Francisco Duque.

Mr. Palo: All right.

Ms. Ruiz: May mga hinihintay lang si Secretary Duque kahapon, sinabi niya sa kaniyang press conference, 'yung parang tinanong na nila 'yung ---

Mr. Palo: 'Yung sa pagiimbestiga? Oo.

SEC. ANDANAR: Oo. Kasi marami talaga kuwestyon eh. Eh ito nga, may natanggap nga akong text mula sa Quezon eh, dahil dun sa vaccine na ginamit noon ng kanyang anak ay nagkaroon ng parang TB, almost TB, 'yung kanyang anak na hindi nila mapagamot doon.

At ang kanilang suspetsa nga ay 'yung kanilang vaccine na ginamit doon. So kawawa 'yung bata, eh --- ano ba 'yung sinabi nun sa akin? Nagkaroon siya ng Baby [TB?].

Ms. Ruiz: Baby TB.

SEC. ANDANAR: Dengue --- 'yung dengue vaccine, ginagamot pa siya until now, ang laki na ng gastos nila. So eh ito 'yung mga issues na iniimbestigahan ngayon ni Secretary Duque.

Mr. Palo: Well, sana makatulong din ang PCSO sa batang 'yun. Ako, may sinend din ako na mga ano --- mga batang naoperahan na kailangang operahan sa likod, ganun din, hindi makahinga 'di ba, Secretary? Kaya sabi ko kay Secretary ano --- kay GM Alexander Balutan patulungan na lang, ayun. Sir, may hinabol si Ate Vanz, 'yung sa La Solidaridad na dyaryo. Self-poverty rises daw to 47 percent in third quarter sa SWS survey daw po ito, ano daw 'yung reaction dito?

SEC. ANDANAR: Hindi ko pa nabasa 'yan eh, pero if you can forward me the survey.

Mr. Palo: Naku, may kopya ka ba ng La Solidaridad na dyaryo?

SEC. ANDANAR: Hindi pa, hinahanap ko pa. Alam mo, mga 22 dyaryo ang dumarating dito sa ano ko eh --- sa cellphone ko tsaka sa bahay ko eh.

Mr. Palo: 'Yun ba wala?

SEC. ANDANAR: Eh, bakit wala dito?

Mr. Palo: Naku, magpaano ka na, magpa-subscribe ka na.

SEC. ANDANAR: Magkano ba ito? Magkano ba 'yan? One centavo. *[laughter]*

Mr. Palo: Well, Secretary, again, maraming-maraming salamat sa pagkakataon, baka meron ka pang nais iparating sa ating mga kababayan?

SEC. ANDANAR: Congratulations lang sa inyong dalawa. Congratulations sa Radyo Pilipinas dahil sa huling Nielsen Survey, number seven na po ang Radyo Pilipinas Uno, 738 AM.

Nakita ko 'yung inyong bagong studio then 'yung bagong Facebook live, napakaganda po nung…

Mr. Palo: Naka-Facebook live ba kami?

SEC. ANDANAR: Hindi ata, pero 'yung kaninang umaga napanood ko. Naka --- oo, naka…

Ms. Ruiz: Ang sabi nga po ni Director Bong, maraming salamat sa gabay ni Sec. Martin at syempre ni Macky. Sir, si Macky patulugin niyo naman, hindi na natutulog.

Mr. Palo: Naka-Facebook live pala tayo.

Ms. Ruiz: Sir, si Macky, mula madaling araw hanggang gabi, gabing-gabi na nakikita ko pa dito.

SEC. ANDANAR: Oo, eh talagang ano eh, talagang magagaling po talaga mga taga Philippine Broadcast Service. 'Wag kayong mag-alala dahil meron naman kayong Christmas party, magkita-kita na lang tayo dun.

Ms. Ruiz: Sir ah, sana naman makita kita?

SEC. ANDANAR: Oo.

Mr. Palo: Sandali, may pa-Hong Kong ba dito, sir? *[laughter]*

SEC. ANDANAR: Diyos ko. Meron akong --- magpapa --- magpapa-raffle po ako ng three trips to Hong Kong.

Mr. Palo: ‘Yun o.

Ms. Ruiz: Wow o.

Mr. Palo: Three lang?

SEC. ANDANAR: Hong Kong…

Ms. Ruiz: Hong Kong restaurant?

SEC. ANDANAR: Hong Kong Tea House. *[laughter]*

Mr. Palo: Sandali, linawin natin ‘yan, nakikinig ‘yung mga taga-ano, mga taga PBS. Tatlong trip to Hong Kong? Ano ‘yan, tag-iisa o ano?

Ms. Ruiz: Hong Kong Tea House.

SEC. ANDANAR: Hong Kong… Syempre, may kasama ka dapat.

Mr. Palo: Ah, akala ko wala eh. *[laughter]*

SEC. ANDANAR: ‘Yung tea house, bibigyan ko kayo --- nandito nakahanda na ‘yung… *[laughter]*

Ang inyong mga tickets po ay in the form of gift check. *[laughter]*

Mr. Palo: Gift check pala eh.

Ms. Ruiz: Sige, sir ah. See you.

Mr. Palo: Hindi, Secretary, ‘wag kang magbibiro, totohanin mo ‘yan.

SEC. ANDANAR: Aba, Hong Kong Tea House ‘yan eh.

Ms. Ruiz: Totohanin niya ‘yan, naka-ano siya, nakaere eh. *[laughter]*

SEC. ANDANAR: Pumili kayo, sabi ko…

Mr. Palo: Hindi tea house eh. Nauna trip to Hong Kong eh.

Ms. Peña: Meron pa Hong Kong Dimsum, may ganun pa.

SEC. ANDANAR: Meron sa Makati. *[laughter]* Pumili kayo doon, susunod pumili kayo ng lugar na hindi masyadong ma-traffic, ‘yung malapit lang diyan.

Mr. Palo: Ay naku. Anyway, Secretary, naka-live pala, naka-live Facebook, akala ko hindi. Ayan. Maraming salamat po.

SEC. ANDANAR: Okay po. Good morning po sa lahat ng nakikinig sa ating Facebook po.

Mr. Palo: Pasensya na kayo hindi ko nakikita kung sinong nagre-react. *[laughter]* Dahil hindi ko alam, akala ko hindi naka-live eh. Ayan. Anyway, Secretary, maraming-maraming salamat ulit sa pagkakataong ito.

SEC. ANDANAR: Mabuhay ka, Marie. Mabuhay ka, Leo. Mabuhay po ang Radyo Pilipinas. Thank you po.

Ms. Ruiz: Happy weekend, sir. Mabuhay po kayo.

Mr. Palo: Happy weekend, sir.

SEC. ANDANAR: Thank you.

---END---